Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-22 NG HULYO, 1991 SA BULWAGANG BARANGAY NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Teofilo G. Grepo . . . . . | Punong Bayan/Tagapangulo |
| Kgg. Cayetano C. Nocon. . . . . | Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Rodolfo P. Satsatin. . . . | Kagawad |
| Kgg. Cornelio A. Grepo. . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bienvenido M. Custodio . . | Kagawad/Maj. Floor Leader |
| Kgg. Nimia T. Fortuno . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Rodolfo S. Comandante. . . | Kagawad |
| Kgg. Abelardo S. Parani . . . . | Kagawad |

MGA DI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ruben M. Parani . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Crispin P. Manalo. . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo T. Borgonia. . . . | Kagawad/ABC President |
| Kgg. Clarita P. Campaña . . . . | Kagawad/Industrial Sector |
| Kgg. Buenaventura M. Columna. . | Kagawad/Agricultural Sector |

SAPAGKA'T, sa pagsisiyasat na ginawa ng lupon sa lugar ng Gateway Business Park ay mayroong sapa o ilat (creek) na kasalukuyang isinasaayos ng Gateway patungo sa Barangay Manggahan, Heneral Trias, Kabite;

SAPAGKA'T, kung ang nasabing sapa/ilat ay mahaharangan sa mga darating na panahon, ang agos ng tubig nito ay muling babalik na magdudulot ng pagbaha sa mga pabrikang itatayo sa Gateway Business Park na nasa Barangay Javalera, Heneral Trias, Kabite;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Rodolfo S. Comandante na pinangalawahan nina Kag. Nimia T. Fortuno at Kag. Rodolfo P. Satsatin, na

## KAPASIYAHAN BLG. 34-91

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na gumawa ng isang ordenansa na nagbabawal sa sinumang tao o mga tao na magtayo o maglagay ng dike sa mga ilat/sapa mula sa Barangay Javalera hanggang sa Barangay Manggahan, Heneral Trias, Kabite at ito ay makikilala na Kautusang Pambayan Blg. 3-91 at mababasa tulad ng mga sumusunod:

## KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 3-91

ISANG KAUTUSAN NA NAGBABAWAL SA SINUMANG TAO O MGA TAO NA MAGTAYO O MAGLAGAY NG DIKE SA MGA SAPA O ILAT (CREEK) MULA SA BARANGAY JAVALERA HANGGANG SA BARANGAY MANGGAHAN, HENERAL TRIAS, KABITE.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite na

Seksyon 1 - Mahigpit na ipinagbabawal sa sinumang tao o mga tao na magtayo o maglagay ng dike sa mga sapa/ilat mula sa Barangay Javalera hanggang sa Barangay Manggahan, Heneral Trias, Kabite.

BIENVENIDO M. CUSTODIO
ABELARDO S. PARANI
CORNELIO A. GREPO
RODOLFO S. COMANDANTE
RODOLFO P. SATSATIN
NIMIA T. FORTUNO
CAYETANO C. NOCON

Seksyon 2 - Ang lumabag sa kautusang ito ay magmumulta ng halagang ₱500.00 o pagkabilanggo ng isang (1) buwan o magkasamang parusa ayon sa pasiya ng Hukuman.

Seksyon 3 - Ang kautusang ito ay magkakabisa simula sa ika-5 ng Agosto, 1991.

Pinagtibay, Hulyo 22, 1991.

PINAGTIBAY NG LAHAT.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ang Barangay Buenavista III ay dumaranas ng pagkamahina ng daloy ng koryente;

SAPAGKA'T, kung mananatiling lagi ang kahinaan ng takbo ng koryente ay maraming kagamitan na ginagamitan ng elektrisidad ang masisira;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Bienvenido M. Custodio na pinangalawahan nina Kag. Rodolfo S. Comandante at Kag. Nimia T. Fortuno, na

**KAPASIYAHAN BLG. 35-91**

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na padalhan ng sulat ang Tanggapan ng Meralco at hilingin na malagyan ng transformer ang Buenavista III upang lumakas ang daloy ng elektrisidad.

PINAGTIBAY NG LAHAT.

**KAPASIYAHAN BLG. 36-91**

SAPAGKA'T, sa Budget Circular No. 4 ay ipinatutupad ang pagkakaloob ng Personnel Economic Relief Allowance (PERA) sa mga kawani ng pamahalaan na ang salary grade ay 23 pababa at ito ay nagkabisa mula noong Enero, 1991;

SAPAGKA'T, ang posisyon at grado ng Municipal Secretary ay itinaas ang antas at sila ay magiging Municipal Government Department Head na may gradong 24 batay sa Resolusyon Blg. 41 na pinagtibay ng Joint Commission on Local Government Personnel Administration at ito ay nagkabisa noong Abril, 1991;

SAPAGKA'T, ang mga nabanggit na bagay ay mangangailangan ng pananalapi sa dahilan na ito ay hindi kasama sa Taunang Badyet 1991 ng pamahalaang bayan ng Heneral Trias;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Cornelio A. Grepo na pinangalawahan ni Kag. Bienvenido M. Custodio, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na gumawa ng isang ordenansa na naglalaan ng halagang ₱299,088.80 na kukunin sa Underestimated BIR Allotment, Specific Tax at Local Government Revenue Stabilization Fund para sa gastusin ng pamahalaang bayan at ito ay makikilala na Ordinansa sa Laang-Gugulin Blg. 7-91 at mababasa gaya ng mga sumusunod:

BIENVENIDO M. CUSTODIO
ABELARDO S. PARANI
CORNELIO A. GREPO
RODOLFO S. COMANDANTE
RODOLFO P. SATSATIN
NIMIA T. FORTUNO
CAYETANO C. NOCON

## ORDENANSA SA LAANG-GUGULIN BLG. 7-91

ISANG ORDENANSA NA NAGLALAAN NG HALAGANG ₱299,088.80 NA KUKUNIN SA UNDERESTIMATED BIR ALLOTMENT, SPECIFIC TAX AT LOCAL GOVERNMENT REVENUE STABILIZATION FUND PARA SA GASTUSIN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan, Heneral Trias, Kabite, na

Pangkat 1 - Na ang halagang ₱299,088.80 ay mailaan para sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| a) PERA (Personnel Economic Relief Allowance | - ₱283,704.80 |
| b) Upgrading of Position and Grade (Municipal Secretary to Municipal Government Department Head Grade 24) | - 15,384.00 |
| Kabuuan | - ₱299,088.80 |

Pangkat 2 - Na ang ordenansang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

PINAGTIBAY NG LAHAT.

## RESOLUTION NO. 37-91

RESOLUTION REQUESTING HON. LUIS T. SANTOS, SECRETARY OF THE DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT FOR FUNDS FOR THE REHABILITATION OF HANGING BRIDGES OF BARANGAYS TAPIA, SANGABRIEL AND BACAO I, GENERAL TRIAS, CAVITE.

WHEREAS, hanging bridges in Barangays Tapia, Bacao I and San Gabriel are bridges constructed many years ago;

WHEREAS, these hanging bridges are still serviceable but many of its parts such as the cable wire, woods and others have outgrown of its use;

WHEREAS, these hanging bridges are very useful to the residents of the said places because these are the only means and easiest ways to go through from one bank to another;

WHEREAS, if there are no hanging bridges to serve the residents of the said barangays, they will go down the river and wade in the water or take a circuitous routes just to be in the other bank.

NOW THEREFORE, on motion of SB Member Bienvenido M. Custodio duly seconded by SB Member Rodolfo P. Satsatin, this body

RESOLVED, AS IT IS HEREBY RESOLVED, to request Hon. Luis T. Santos, Secretary of the Department of Interior and Local Lovernment for funds for the rehabilitation of hanging bridges of Barangays Tapia, San Gabriel and Bacao I, General Trias, Cavite in the amount of FIVE HUNDRED THOUSAND PESOS (₱500,000.00).

BIENVENIDO M. CUSTODIO
ABELARDO S. PARANI
CORNELIO A. GREPO
RODOLFO S. COMANDANTE
RODOLFO P. SATSATIN
NIMIA T. FORTUNO
CAYETANO C. NOCON

RESOLVED FURTHER, to respectfully and earnestly request Hon. Luis T. Santos, Secretary of the Department of Interior and Local Government for his prompt and favorable action on this matter for and in behalf of the residents of the said barangays who would be deprived of their livelihood if these hanging bridges become impassable.

UNANIMOUSLY APPROVED.

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGSUSUSOG SA KAPASIYAHAN BLG. 25-90 NA SA HALIP NA ANG BARANGAY BACAO ANG GAWING TIBURCIO R. LUNA AVENUE AY ANG DAANG BACAO ANG MAGING TIBURCIO R. LUNA AVENUE.

SAPAGKA'T, ang daan ng Barangay Bacao, Heneral Trias, Kabite ay matagal na panahong hindi napag-ukulan ng pansin upang ito ay maging maayos, maganda at kapaki-pakinabang na lagusan ng mga sasakyan;

SAPAGKA'T, ang daan ng Barangay Bacao ay isang maiksing lagusan na nag-uugnay sa bayan ng Heneral Trias at bayan ng Noveleta, Kabite;

SAPAGKA'T, sa panahon ng panunungkulan ni G. Tiburcio R. Luna bilang konsehal ng bayan ay pinagsumikapan niyang ang daan ng Barangay Bacao ay maging konkreto sa pamamagitan ng kanyang walang tigil na paghingi ng tulong sa pamahalaang lokal, panlalawigan at nasyonal;

SAPAGKA'T, sa ginawang pagsisikap at pagtitiyaga ni G. Tiburcio R. Luna, ang kabuuan ng daang Bacao ay ganap na naging konkreto at ito ay nagdulot ng malaking tulong, kaginhawaan, kasiyahan at katipiran sa manlalakbay sa paroon at parito nila na ginagamit ang daang Bacao;

SAPAGKA'T, sa panahon ng kanyang panunungkulan si G. Tiburcio R. Luna ay maraming nagawa para sa kaunlaran, pagsulong at kabutihan ng bayang pinaglilingkuran;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Bienvenido M. Custodio na pinangalawahan ng lahat, na

<u>KAPASIYAHAN BLG. 38-91</u>

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin na ang Kapasiyahan Blg. 25-90 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ay susugan, na sa halip na ang Barangay Bacao ang gawing Tiburcio R. Luna Avenue ay ang Daang Bacao ay maging Tiburcio R. Luna Avenue bilang pagpaparangal at pagkilala kay G. Tiburcio R. Luna.

PAGTIBAYIN PA RIN, na hilingin sa Kinatawan ng Ikalawang Distrito ng Kabite, Kgg. Renato P. Dragon na ihain sa Mababang Kapulungan ang resolusyong ito upang maging isang ganap na batas.

PINAGTIBAY NG LAHAT.

TEOFILO G. GREPO
Punong Bayan/
Tagapangulo

PINATUTUNAYAN:

EUGENIA G. SAN JOSE
Kalihim

BIENVENIDO M. CUSTODIO
ABELARDO S. PARANI
CORNELIO A. GREPO
RODOLFO S. COMANDANTE
RODOLFO P. SATSATIN
NELIA T. FORTUNO
CAYETANO C. NOCON